

**DEPARTMENT OF DEVELOPMENTAL SERVICES**

1600 NINTH STREET, Room 240, MS 2-13  
SACRAMENTO, CA 95814  
TTY (916) 654-2054 (For the Hearing Impaired)  
(916) 654-1897



Nobyembre 25, 2020

**MGA PAGTITIPON SA KAPASKUHAN****MENSAHE SA MGA NAGTATAGUYOD SA SARILI, PAMILYA, TAGAPAGKALOOB  
AT MGA SENTRONG PANREHIYON**

Ang kapaskuhan ay nagbibigay ng oportunidad para sa ating magbigay ng pasasalamat, magnilay-nilay sa mga kaganapan nitong nakaraang taon at pag-isipan ang mga posibilidad na ihahatid ng bagong taon. Nais naming magpasalamat para sa inyong pakikipagtulungan at pagsuporta sa isa't isa sa panahon ng pandemyang ito. Kapag kinailangang maging malikhain, inobatibo, at suportahan ang isa't isa, tumugon kayo at patuloy na tumutugon.

Alam naming may mga pangangailangan para sa patuloy na suporta at araw-araw kaming nagtatrabaho para pagbutihin ang mga kasalukuyang pagsisikap sa ngalan ng mga nagtataguyod sa sarili, pamilya, tagapagkaloob ng serbisyo at sentrong panrehiyon.

Ang kapaskuhan ay panahon din na nasisiyahan ang mga magkakapamilya at magkakaibigan sa pagtitipun-tipon, ngunit ngayong taon, mahalagang baguhin o ihinto pansamantala nating lahat ang mga karaniwang tradisyon, upang mabawasan ang panganib, panatilihing ligtas ang isa't isa at matulungang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19. Ang pinakaligtas na paraan ng pagdiriwang ng kapaskuhan ngayong taon ay ang manatili sa bahay kasama ang mga miyembro ng inyong sariling sambahayan. Mahigpit na hinihikayat ang lahat na magsagawa ng kinakailangang mga pag-iingat. Kabilang dito ang pagtuklas ng alternatibo at virtual na mga paraan ng pagkonekta sa mga taong nasa labas ng sariling sambahayan (tulad ng paggamit ng Zoom o FaceTime), pag-iwas sa pagbibiyahé, magalang na pagtanggap sa mga sitwasyon na maaaring makapagpataas ng panganib at pag-alok ng kabutihang-loob sa pamamagitan ng paghahatid ng mga pagkain sa mga indibidwal na may edad na o may mga umiiral na kondisyong pangkalusugan para mas madali para sa kanila na manatili sa bahay.

Sa buong kapaskuhan, mahalagang manatiling masigasig sa ating mga pagsisikap para bawasan ang pagkalat ng virus. Mangyaring patuloy na magsuot ng mask o pantakip sa mukha kapag nasa pampublikong lugar o kasama ang mga tao sa labas ng inyong bahay, manatiling hindi bababa sa anim na talampakan ang layo mula sa iba at hugasan ang inyong mga kamay nang madalas gamit ang sabon at tubig nang hindi

**“Bumubuo ng mga Samahan, Sumusuporta sa mga Pagpili”**

## MGA PAGTITIPON SA KAPASKUHAN

Nobyembre 25, 2020

Pahina dalawa

bababa sa 20 segundo.

Ang Centers for Disease Control and Prevention at ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California ay naglabas ng patnubay para sa pagpapanatiling ligtas para sa lahat ng inyong mga pagdiriwang ng pasko.

- <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/daily-life-coping/holidays.html>
- <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/daily-life-coping/holidays/thanksgiving.html>
- <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/Guidance-for-the-Prevention-of-COVID-19-Transmission-for-Gatherings-November-2020.aspx>

Sa ngalan ng Kagawaran, nais naming magkaroon ang lahat ng isang ligtas at espesyal na pasko.

Taos-puso,

NANCY BARGMANN  
Direktor